



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES  
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**  
DEPARTMENT OF EDUCATION  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

*Tanggapan ng Kalihim*  
*Office of the Secretary*

Direct Line: 687-2922 / 687-4177  
E-Mail: [osec@deped.gov.ph](mailto:osec@deped.gov.ph)  
Website: <http://www.deped.gov.ph>

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN  
Blg. 221 s. 2003

**JUL 10 2003**

**PAMBANSANG SEMINAR SA FILIPINO**

Sa mga: Direktor Panrehiyon  
Tagapamanihala ng mga Paaralan  
Tagapamahala ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralang  
Elementarya at Sekundarya

1. Ang Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino, Rehiyon III, ay magsasagawa ng Pambansang Seminar sa Filipino na idaraos sa Tarlac State University, Lunsod ng Tarlac sa ika-4 at ika-5 ng Setyembre 2003. Ang paksa ng seminar na ito ay "Ang Revisyon sa Alfabeto, Patnubay sa Wikang Filipino at Psycho-Spiritual".

2. Ang mga layunin ng seminar na ito ay ang mga sumusunod:

a. Layuning Panlahat:

Mapalawak at mapaunlad ang ating sariling wika sa pagkakaroon ng isang pambansang seminar

b. Tiyak na Layunin:

- Maipabatid sa mga kalahok ng seminar ang revisyon at patnubay sa ispelang sa wikang Filipino;
- Mapalawak ang kaisipang ispiritwal ng mga kalahok upang higit na maging matatag sa pagtanggap at pag-unawa sa mga nagaganap sa kapaligiran; at
- Maiagapay ang sarili sa mga pagbabago hindi lamang sa pangkaalaman kundi pati na rin sa pandamdamin, pangkaisipan at pang-ispiritwal.

3. Ang rehistrasyon ay Pitundaang Piso (PhP700.00) na laan para sa dalawang pananghalian, apat na meryenda, pamasaha sa "educational trip", "handouts", sertipiko at "honoraria" para sa mga tagapanayam. Ang walang tutulugan ay may karagdagang bayad na Dalawandaang Piso (PhP200.00). Pinapayagang dumalo ang mga guro na magmumula sa mga pampublikong paaralan sa opisyal na oras lamang.

4. Para sa iba pang kabatiran at para na rin sa reserbasyon, makipag-ugnayan sa Tarlac State University na may tel. blg. (045) 982-0717, fax no. (045) 928-0010, at cel. no. 09164229813.

5. Hinihiling ang madalian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

EDILBERTO C. DE JESUS  
Kalihim

Sanggunian:  
Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan  
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO  
SEMINARS  
TEACHERS

Alma, MPPD, Pambansang Seminar-dm  
July 3, 2002